



MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA IYONG INUMING TUBIG

Este informe contiene información muy importante sobre su agua potable. Para una copia de este artículo en español, por favor llame al 707 647 5325 o visite nuestro sitio web en <https://www.cityofamericancanyon.org/government/public-works/water>

Ang ulat na ito ay naglalaman ng importanteng impormasyon tungkol sa inyong inuming tubig. Kung kailangan mo ng isang tawag sa pagsasalin sa 707-647-5325 o bisitahin ang aming website sa <https://www.cityofamericancanyon.org/government/public-works/water>

Ang Lungsod ng American Canyon ay Mayroong Mga Antas ng Kabuuang Trihalomethane na Mas Mataas sa Mga Pamantayan ng Inuming Tubig

Kamakailan, lumabag ang aming sistema ng patubig sa isang pamantayan ng inuming tubig. Bagaman **hindi ito isang emergency**, bilang aming mga customer, may karapatan kayong malaman kung ano ang dapat ninyong gawin, ano ang nangyari, at ano ang ginagawa namin para maitama ang sitwasyong ito.

Regular naming sinusuri ang pagkakaroon ng kontaminasyon sa inuming tubig. Ipinapakita ng mga resulta ng aming pagsusuring natanggap noong Hunyo 27, 2019 na lagpas ang aming sistema sa pamantayan, o ang pinakamataas na antas ng kontaminante, para sa Kabuuang Trihalomethane. Ang average na antas ng Kabuuang Trihalomethane sa nakaraang taon ay **87.0** mikrogramo kada litro (ug/L) sa isang lugar na sinusubaybayan sa aming sistema ng distribusyon, **94.5** mikrogramo kada litro (ug/L) sa ikalawang lugar na sinusubaybayan, at **100.8** mikrogramo kada litro (ug/L) sa ikatlong lugar na sinusubaybayan. Ito ay mas mataas sa pamantayan, o sa pinakamataas na antas ng kontaminasyon (MCL), na **80** ug/L.

Ano ang dapat kong gawin?

- **Hindi mo kailangang pakuluan ang iyong tubig o gumawa ng mga pagwawasto.** Kung mayroon kang mga partikular na alalahanin sa kalusugan, konsultahin ang iyong doktor.
- **Hindi ito isang emergency.** Kung naging gayon man, dapat na agad namin kayong inabisuhan.
- Maaaring makaranas ang ilan sa mga taong umiinom ng tubig na naglalaman ng mga trihalomethane na lampas sa MCL sa loob ng maraming taon ng mga problema sa atay, bato, o sentral na sistema ng nerbiyo (central nervous system), at maaaring may mas mataas na panganib na magkaroon ng kanser. (Hindi mapabulaanan ng siyentipikong pag-aaral na nagsisilbing batayan ng regulasyong ito na ang ilang tao na umiinom ng 2



litro (higit sa kalahating galon) ng tubig araw-araw na naglalaman ng mga byproduct (kakambal na produkto) ng pagdidisimpekta na sobra sa pinakamataas na limitasyon sa tagal ng panahon na 70 taon ay maaaring makaranas ng mga problema sa atay, bato, o sentral na sistema ng nerbiyo, at maaaring magkaroon ng mas mataas na panganib na magkaroon ng kanser. Gayunpaman, ang mga sakit na ito ay hindi resulta ng mga kemikal sa inuming tubig lamang ngunit maaaring maging resulta ng maraming iba pang salik. Patuloy na pinag-aaralan ng mga siyentipiko ang mga byproduct ng pagdidisimpekta upang magkaroon ng mas mabuting pag-unawa ng mga potensiyal na epekto sa kalusugan.

Ano ang nangyari?

Upang protektahan ang inuming tubig mula sa mga organismong nagsasanhi ng sakit, o mga pathogen, nagdaragdag ng pandisimpekta sa inuming tubig. Gayunpaman, maaaring mabuo ang mga byproduct ng pagdidisimpekta (Kabuuang Trihalomethane) kapag dinidisimpekta ang tubig na mayaman sa likas na organismo. Isang malaking pagsubok para sa Lungsod ng American Canyon at sa lahat ng sistema ng tubig ng munisipalidad ang pagkontrol at paglimita ng mga panganib mula sa mga pathogen at habang binabawasan ang pagbuo ng mga byproduct ng pagdidisimpekta. Nabubuo ang mga byproduct ng pagdidisimpekta kapag ang mga likas na organikong bagay na nasa ating tubig na natitipon sa ibabaw ng lupa ay nagkakaroon ng reaksiyon sa chlorine sa tubig. Karaniwang pinakamataas ang mga byproduct ng pagdidisimpekta sa pinakamainit na panahon ng taon o sa mga panahon na matagal ang pagpuno ng tubig sa mga sistema ng distribusyon at mga imbakang tangke.

Ano ang ginagawa?

Patuloy kaming nagtatrabaho para protektahan ang mga watershed at ang kalidad ng pinagmumulang tubig nang may layunin na bawasan ang organikong nilalaman sa tubig. Nagtatrabaho kami upang bawasan ang oras ng pananatili ng tubig sa sistema bago nito maabot ang iyong gripo upang magkaroon ng mas unting panahon para mabuo ang mga byproduct.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kay Felix Hernandez III, Deputy Public Works Director (Kinatawang Direktor sa Mga Pampublikong Gawain), sa (707) 647-4525 o sa sumusunod na address para sa pagpapadala ng sulat: 4381 Broadway, Suite 201, American Canyon, CA 94503.

Karagdagang Impormasyon

Available din ang ilang mga yunit para sa paggamot ng tubig sa tahanan para mabawasan ang Kabuuang Trihalomethane, o mga madaling sumingaw na organikong compound, mula sa inuming tubig. Ang ilan sa mga yunit na ito ay ikinakabit sa gripo, may padaluyang GAC (granulated activated carbon) at nasa linya ng mga sistema ng refrigerator. Upang matuto pa tungkol sa mga available na yunit para sa paggamot ng tubig sa tahanan, maaari kang tumawag sa California Water Resources Control Board (Lupon ng California para sa Pagkontrol ng Mga Mapagkukunang Tubig), Division of Drinking Water (Dibisyon ng Inuming Tubig) sa (916) 323-0372 o bumisita sa https://www.waterboards.ca.gov/drinking_water/certlic/device/watertreatmentdevices.html at piliin ang link para sa “Registered Water Treatment Devices as of January 2019” (Mga Nakarehistrong Kagamitan para sa Paggamot ng Tubig sa Enero 2019).

Ang abisong ito ay inihahatid sa iyo ng Lungsod ng American Canyon.
ng ID ng Pang-estadong Sistema ng Patubig: 2810005

Petsa ng pagbahagi: Agosto 16, 2019



Mga Sekundaryang Inaatas sa Pag-abiso

Mangyaring ibahagi ang impormasyong ito sa lahat ng ibang taong umiinom ng tubig na ito, lalo na iyong mga maaaring hindi direktang nakakatanggap ng abisong ito (halimbawa, mga tao sa mga apartment, nursing home, paaralan, at negosyo). Maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng pagpapaskil ng pampublikong abisong ito sa isang pampublikong lugar o pamamahagi ng mga kopya nang personal o sa pamamagitan ng liham. Dapat mag-abiso ang mga sumusunod na entidad sa loob ng sampung araw [Seksiyon 116450(g) ng Health and Safety Code (Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan)] ng pagtanggap ng abisong ito:

- **MGA PAARALAN:** Kailangang abisuhan ang mga empleyado ng paaralan, mag-aaral, at magulang (kung menor-de-edad pa ang mga mag-aaral)
- **MGA MAY-ARI O TAGAPAMAHALA NG MGA ARI-ARIANG TIRAHAN NA INUUPAHAN** (kabilang ang mga nursing home at pasilidad ng pangangalaga): Kailangang abisuhan ang mga nangungupahan
- **MGA MAY-ARI, TAGAPAMAHALA, O OPERATOR NG MGA ARI-ARIANG NEGOSYO:** Kailangang abisuhan ang mga empleyado ng mga negosyo na matatagpuan sa ari-arian

Ang abisong ito ay inihahatid sa iyo ng Lungsod ng American Canyon.
ng ID ng Pang-estadong Sistema ng Patubig: 2810005

Petsa ng pagbahagi: Agosto 16, 2019